## SYNOPSIS

### Ang Reyna ng Espada at mga Pusa

Ang istoryang ito ay tungkol sa paglalaro ng solitaryo, pangongolekta ng itlog ng gagamba, kung ano ang pinakamalakas na muscle sa katawan, at kung bakit maasim ang clemency.

Matapos ang apat na dekada ng pagkakabilanggo, matapos niyang patayin ang kanyang sariling ama, lalaya na si Clutario sa Bilibid. Paalam na sa rehas, sa brigada, sa mga pangkat. Sa alaala, sa kaibigan, at *ka-ibigan.*

Pero papatay siya mamaya. Papatay siya ulit.

Dahil wala sa labas ng kulungan ang kanyang tunay na kalayaan.

**Ang Reyna ng Espada at mga Pusa**

Ang alam ko lang na clemency ay 'yung pinipiga sa pansit. Natawa ka 'no? 'wag.

Minsan na 'kong pumatay ng tao. Papatay ulit ako ngayong araw na ito. Hindi ako inosente. Masama akong tao. Maniwala ka.

Ipinababatid ng Mahal na Pangulo ng Pilipinas na ipinagkaloob niya sa akin, kay Jose T. Clutario III, ang kanyang awa. Executive clemency. Pwede na raw akong makalabas sa bilangguang ito. Matapos ang apat na dekada at apat na taon, matapos ubanin ang iyong buhok at ugatin ang iyong bayag, Congratulations sabi ni His Excellency, laya ka na! Ayoko, Mr. President. Nais kong ipabatid 'yun.

Napagplanuhan ko na nga ito, eh. Tipong premeditated murder ang dating at isang I plea guilty your Honor, hindi katulad noong apat na dekada at apat na taon na ang nakakaraan. Noong wala pa sa bokabularyo ko ang salitang guilty. Ganito yung naisip ko:

> **<Plan A>** Mamaya, sa paglilinis ng kasilyas ni Cebreros, sa kanyang pag-eskoba kasabay ng pilit na pagkabisa ng alpabeto, hihilamin ko siya ng tubig na may kinanaw na sabong panlaba at chlorox. Kapag hindi na siya makakita, iuumpog ko yung ulo niya sa inidoro, o kaya sa baldosa hanggang sa mabasag ang bungo niya. Hindi naman kailangang bumasa o sumulat bago tanggapin sa langit kaya pwede siya doon. O sa impyerno siguro.

**<Plan B>** Pagdating ng tanghalian, habang ngumunguya si Liwanagan at pinagpaplanuhang magbitiw ng bagong green joke na itinuro sa kanya ng kinakasama niya, 'yun bang sumiping sa kanya noong kamakalawa, kukunin ko ang oportunidad na iyon para saksakin siya sa lalamunan. Gamit ang tinidor. Uulit-ulitin ko na lang hanggang sa lumabas ang nginuyang munggo at tamban, o kung anuman ang ulam mamaya.

**<Plan C>** Makakapaghintay ako hanggang mamayang gabi. Pero hindi na bukas. Hihintayin ko ang pagpatay ng ilaw saka ko ipupulupot sa leeg ni Trampe ang punda ng unan hanggang sa hindi na siya makahinga. Bakit si Trampe at bakit punda ng unan? Hindi ko rin alam. Wala na akong maiisip. Ni hindi ko nga alam kung mamamatay siya ng ganoong paraan. Ika nga, wala namang masama kung susubukan, 'di ba?

Siguro naman, kapag may napatay ulit ako kahit isa, magdadalawang-isip na ang presidenteng ibigay sa akin ang mailap niyang awa. Ang tanda mo na nga, wala ka pa ring kadala-dala. Kaya dadagdagan pa nila ang sintensya ko ng isa pang dekada. Isang taon. O kahit isang araw lang. Papatay na lang ako ulit para sa isa pa. At isa pa ulit.

Si Peng ang nagbigay sa aking ng ideyang ito.

“Patayin mo 'ko,” suhestiyon niya noong ibalita ko sa kanya ang pagkakasama sa'kin para sa executive clemency ng pangulo. Ilang matatandang bilanggo rin ang palalayain. 'yung ilang ihip na lang ng masamang hangin ay kukuhanin na ng hukay. Pakiramdam ko nga, ayaw lang nilang problemahin ang pagpapalibing sa'min, dun kayo

sa labas at 'wag niyo kaming abalahin.

Sinabi ko kasi kay Peng, ayokong umalis. Wala naman akong pupuntahan. Ayokong iwan ang brigada. Matanda na ko. Baka paglabas ko, may kabaong at musikong sasalubong sa'kin, ako na lang ang hinihintay.

“Bilibid 'to, hindi Golden Acres.” Hindi ako nililingon ni Peng. Nakaupo siya sa ibabang bahagi ng papag na double deck, yung pinaghahatian naming dalawa, nakatalikod. Parang kausap ko ang kuluntoy at kupas na dragong nakaimprenta sa likuran niya, nakalaylay sa kulubot niyang balat. “Kung ayaw mong umalis, 'wag kang umalis. Pumatay ka. Patayin mo ko. Tutal, parang ganoon rin naman yun kung aalis ka.”

“Alin ang parang ganoon?” Napangiti ako. Madalas, nagbibitiw tayo ng mga tanong na alam na natin ang kasagutan. Mga tanong na hindi na kailangang itanong dahil hindi rin naman umaasa ng sagot. Biglang nag-ipon ang plema sa lalamunan ko pero wala naman lumabas noong iubo ko. Sa pagitan ng mga tahol ko, nagbitiw ulit ako ng tanong na hindi naghahanap ng sagot. “Bakit, hahanapin mo ba ko kung sakali ngang matuloy ang paglaya ko bukas?”

“Tangina mo,” mabilis niyang sagot. Napansin kong nagbabalasa pala siya ng baraha sa harapan niya at inilatag niya ito. Isa-isa, hanggang sa makabuo ng pitong hilera. Solitaryo. “Nanaginip ako kagabi,” sabi niya,” naglalaro ako ng solitaryo, tinatanong ko raw yung baraha, kung lalabas ka nang talaga. Pero hindi ako makabuo. Isang beses, dalawang beses, labindalawa. Paulit-ulit. Hanggang sa isang beses, noong buklatin ko lahat ng baraha, lahat, bawat isa, kulay pula. Paano ako makakabuo kung lahat ay kulay pula. Lahat, maliban sa Queen of Spades.”

Sa tuwing maglalaro ng solitaryo si Peng, alam mong may bumabagabag sa

kanya. May mga nakabiting tanong sa isipan niya.. “Humihingi ako ng sagot sa baraha,” sabi niya sa'kin dati Minsan, mabubuo ang laro, mabubuklat lahat at maiaayos sa hilera ng sunod-sunod na pula-itim-pula-itim na mga baraha. “Ibig sabihin niyan, oo ang sagot ng baraha sa tanong mo. Kapag naman wala nang posibleng galaw, dead end na, hindi ang sagot ng baraha. Magbalasa ka na lang ulit at magtanong ng iba.”

Siguro ngayon, sinusubukan niya ang kanyang panaginip. Tinatanong kung makakalaya nga ako. Kung iiwan ko itong brigada bukas. Mga tanong na alam na natin ang kasagutan. Inilipat niya ang four of hearts sa ibaba ng five of clubs, o flower kung si Peng ang tatanungin mo.

“Clubs? Flower yan! Tignan mo, o, mukhang bulaklak.” Nakikipagtalo si Peng dati, nung tinuturuan niya kong magsolitaryo.

“Clubs nga yan. May bulaklak bang kulay itim, sige nga?”

“Yung bulok...”

Sunod ay binuklat niya ang baraha sa hilerang inabandona ng four of hearts at lumantad ang King of Hearts. Ang Hari ng mga Puso. Inilipat niya sa ilalim nito ang Queen of Spades. Ang Reyna ng mga Pusa. Parang pinagtagpo ang dalawang monarkong ito ngayong araw.

“Naalala mo pa ba nung ginawa mo 'to?” Sa wakas, humarap na rin siya sa'kin, si Peng, hawak ang Queen of Spades.

Sa lahat ng baraha, natatangi ang reynang ito. Yung orihinal kasi na Queen of Spades, yung talagang kasama nung deck, nawala nung minsang may nanghiram sa baraha ni Peng at naglaro ng pusoy. Halos mag-amok si Peng at kulang na lang ay pagbubugbugin niya yung mga naglaro, kung hindi lang dumating ang mga umawat na

bantay.

“Eh, tarantado pala kayo. Pa'no ngayon yan malalaro?”

“Masyado kang mainit, Pengson. Palaro mo na lang muna yang burat mo diyan kay Clutario.”

Kung hindi talaga naawat si Peng, malamang ay naglimas ako noon ng dugo sa brigada namin. Ganito kasi yung mga eksenang hinding hindi niya pinapalampas. Noon. Noong hindi pa nangangawit ang tiyani sa pagtanggal ng puti niyang buhok. Noong matikas pa ang dibdib niya at hindi pa hinihila ng grabedad ang kanyang utong. Noong sa tuwing nilalagyan ko ng mainit na langis ang kanyang braso o binti ay dahil sa pakikipagbuno o pagbubuhat ng mabigat at hindi dahil umaatake ang rayuma niya. Noon. Ilang dekada na ang nakaraan.

Para makumpleto ang limampu't dalawang baraha, gumupit ako ng kuwadradong kasing sukat ng regular na baraha gamit ang karton ng sigarilyo at saka ko ito ginuhitan. Gamit ang ballpen, ginaya ko ang itsura nung Queen of Hearts pero pinalitan ko ng spades ang mga puso. Tawa siya nang tawa nung ipakita ko iyon sa kanya.

“Ano 'to?”

“Queen of Spades 'yan. Kapalit nung nawala.”

“Bakit mukhang pusa?”

At noon nga nagkarron ng pusa sa kanyang kaha ng baraha. Ang Reyna ng Espada at Pusa. Hindi na muling nagamit sa pusoy ang baraha. Dahil sa kakaibang likod nito, paniguradong malalaman agad ng kalaro mo na may hawak kang Queen of Spades, kahit anong tago ang gawin mo. Pero kung solitaryo lang, pwede namang pagtiyagaan.

Ganoon naman talaga, 'di ba? Kapag nawala, kailangang palitan. Kung hindi man katulad, kailangang pagtiyagaan para magamit at magpatuloy ang buhay. Gaya nung chess set na minsang nawalan ng puting kabayo, para magamit, humalili sa pwesto nito ang isang maliit na graba. Ito ngayon ang sumusulong ng pa-letrang L para patumbahin ang tore at kainin ang hari ng kalaban. Gaya kung paano namin unti-unting pinalitan ang mga alaala ng mga tao sa labas ng bilangguan ng kung ano ang meron kami. Kung ano ang nandiyan. Mga nawalang pinsan, alternatibong tatay, pekeng kapatid. Mga taong pupuno sa aming kakulangan.

*****

Hindi pa man siya nakakabuo, iniligpit na ni Peng ang baraha saka inilagay sa kaha. Oras na ng paglilinis ng brigada. At bawat miyembro ng tahanan naming ito ay may nakatokang trabaho. Halimbawa, itong si Carbonel, nakadestino sa pagtanggal ng agiw at sapot sa kisame. Siya ang may gusto nito. Naging pampalipas oras niya na rin kasi ang paghahanap ng itlog na gagamba.  Kung hindi ka pa nakakakita noon, kulay puti iyon, parang bulak at hugis galyetas. Bubuklatin niya ito, tatanggalan ng kinabukasan ang mga batang gagamba, saka itatapat ang itlog sa ilaw. Sabi niya, may nakikita siyang numero doon. Noong nasa labas pa raw siya, tinatayaan niya raw 'yung mga numeron iyon sa lotto. Nung nakulong siya, ibinibigay niya ito sa misis nya tuwing bumibisita ito para patayaan ang mga binuklat na itlog.

“Nanalo ka naman ba kahit minsan?”

“Wala nga eh, itlog din. Pero meron pa namang next time. 'yaan mo, babalatuhan

kita."

Pero wala nang next time. Lahat ng nakita niyang itlog ay naipon at nakabalot sa damitan niya. Tatayaan niya daw lahat kapag nakalaya siya. Hindi na kasi muling bumalik ang asawa ni Carbonel. Nung inusisa ko kung bakit hindi na dumadalaw ang misis niya, ang tanging sagot niya sa'kin, "Baka naka-jackpot na."

Pagkatapos ng kisame ay ang higaan. Pagpagin ang kumot at punda. Labhan kung kinakailangan. Itapat sa araw para sumingaw. Inspeksyunin ang mga double deck at baka may nakasalising anay. Susundan ito ng pagwawalis sa sementadong sahig saka lalampasuhin.

Kailangan malinis at doble ingat sa mikrobyo. Dahil mainit at dikit-dikit, mabilis magkahawa-hawa ng kung ano-anong sakit. Naalala ko tuloy noong nagkaroon ng bulutong dito sa loob, hindi ko na matandaan kung kailan eksakto sa tagal. Kung merong world record sa pinakamaraming sabay-sabay na pagkakamot, sana isinali ko ang brigada namin. Sa kaso ni Peng, gabi noong nagsimula siyang magkamot. Patay na ang ilaw. Paikot-ikot siya sa kamang pinaghahatian namin, hindi mapakali.

"Ano bang nangyayari sa'yo," pabulong pero iritable kong tanong sa kanya dahil hindi rin ako makatulog.

"Ang kati-kati ng likod ko. Nahawa na yata ako ng bulutong."

"Eh, akala ko ba nagkaroon ka na ng bulutong dati. Isang beses ka lang pwedeng magkabulutong."

"Tigdas yata 'yun, eh. Ewan. Di ko alam. Kamutin mo nga."

"Dito ba?" Kinamutan ko siya sa bandang balikat.

"Ibaba mo ng kaunti."

Buong gabi ko siyang kinamutan ng likod hanggang sa mamalayan kong naghihilik na siya. Pinilit kong matulog pero hindi ako madapuan ng antok. Nahawa yata ng bulutong yung utak ko noon, pilit nagpapakamot pero hindi maabot-abot. Pinagmasdan ko ang hubog ng ulo ni Peng sa pudpod niyang buhok. Pinagala ko ang daliri ko sa kanyang batok kung saan tumutubo ang maliliit na buhok hanggang sa likuran ng sapad niyang bungo. Sabi nila, kapag sapad daw ang ulo ng isang tao, malamang sa malamang ay nakapirmi ito sa pagkakahiga noong sanggol pa lamang. Hindi naglilikot, walang reklamo, payapa. At ganoon ang nakita ko kay Peng habang natutulog siya noong gabing iyon. Napakainosente at walang muwang. Isang batang hindi umiiyak para maghanap ng gatas dahil alam niyang wala.

Sa paggalugad ko sa kanyang ulo, iba ang sinasabi ng kanyang puyo. Dalawang ipuipo, dalawang mata ng bagyo ng inipong buhok. Isang pilyong bata. Magulo, mapusok, salbahe. Nagtaka tuloy ako kung anong uri ng binatilyo si Peng. Siguro'y mabilis siyang mapikon kapag nabuburot sa tumbang preso. Siguro, tipong naghahagis ng pusa mula sa bintana para malaman kung talagang bumabagsak ang mga pusa sa paa nila. O baka naman siya 'yung tipong naghahanap ng maya o langaylangay sa mga sanga ng puno saka titiradurin, ikukulong at kakalimutan ang kawawang pilay na ibon.

Naisip ko noon, biyakin ko kaya ang bungo niya para malaman kung ano ang nilalaman ng kanyang utak? Ano nga ba ang iniisip niya? Natatandaan niya pa kaya yung mga mukha ng mga batang kinidnap niya? Mga batang natututo pa lang ng A is for Apple at B is for Ball, may makukulay na pencil case at de-hilang bag. Mga natatarantang yaya. Mga aligagang magulang. Natatandaan niya pa kaya yung mga mukha nung kasama niya, na sa tingin ko ay nakalimutan na siya? Mga kasamahan

niyang wala siyang balak ilantad para kahit papaano'y bumaba ang sintensiya niya. Pero baka kapag biniyak ko ang bungo niya, mas marami pang lumabas na katanungan kaysa sagot. Baka mas lalo akong maligaw sa buhol-buhol at liko-likong laberinto ng kanyang gunita.

Inaninag ko ang kanyang mukha. Alam mo, napagtanto ko na kapag nasanay na ang mata mo sa kadiliman, mas malinaw mo nang makikita ang mga bagay-bagay. Ang mahabang pilikmata ni Peng, ang matangos niyang ilong, maliit na labi, at buhay na nunal sa kanyang baba.

“Nagmana ako sa lolo ko,” naalala kong sinabi niya dati nung tanungin ko siya kung nanay ba o tatay kanyang kamukha. Tapos naikuwento niyang hindi niya kabisado ang mukha ng mga magulang niya. Sumama sa ibang lalaki ang nanay niya at nagpakamatay ang tatay niya dahil sa depresyon.

“Mga limang taon ako noon, o anim yata,” kuwento niya, “Kagigising ko lang, lumabas ako ng bahay para magmumog at maghilamos sa may poso. Tapos, nung tinutuyo ko na ang muka ko, nandoon si tatay, nakabigti sa puno ng kamagong sa tapat ng bahay. Para siyang asong ulol. Ganoon ang ginagawa sa mga asong ulol sa probinsya namin, ibinibitin sa puno.

“Lolo ko na 'yung nagpalaki sa'kin. Yung lolo ko,” pagpapatuloy niya, “hindi ko 'yun tunay na lolo. Asawa yun ng ditse ng nanay ng tatay ko.”

“Ano ulit? 'Yung nanay ng tatay mo, may asawang iba?”

“Hindi. Ano ka ba, ang hina mong Clutario ka. Yung nanay ng tatay ko, lola ko 'yun. Makinig ka ha. 'yung lola ko, may kapatid siya, 'yung ditse niya. Tapos, itong ditse, may asawa. 'yun yung lolongflolo ko na hindi ko tunay na lolo na nagpalaki sa'kin. Kuha

mo?"

"Bali bayaw ng totoo monmg lola?"

"Ewan. Mahina ako sa ganyan. Bayaw, bilas, manugang. Hindi ko naiintindihan."

Sa madaling salita, hindi tunay na lolo ang nag-alaga sa kanya. Isang alternatibong lolo. Kung ano ang meron. Siguro, tinatanong mo, paano siya nagmana sa nag-alaga sa kanya? Wala rin akong kaide-ideya.

Bumaba ang kamay ko sa braso niya, papunta sa kanyang kamay. Malaki ang palad niya na may mahahabang daliri at matitigas na kalyo. Nagpapawis ang kamay niya. Sa likod ng palad niya'y nakaumbok ang mga ugat. Parehong mga kamay na naggapos sa mga dinakip na bata para sa pera. Nagbusal ng bibig. Nagkandado sa bodega. Bigla niyang pinisil ang palad ko at ikinulong sa mga da niya.

"Salamat, ha." Hindi pa pala siya tulog. O baka nananaginip lang. Hindi ko alam.

"Saan?"

Bumuntong hininga lang siya, hindi na sumagot. Isa pa uling buntong hininga at dinala niya ang kamay ko sa kanyang tiyan, nakadantay ang braso ko sa tagiliran niya, ang dibdib ko sa likuran niya, Naamoy ko ang pawis sa kanyang batok. Naramdaman ng kamay ko ang init sa kanyang pusod at ang maninipis na hibla ng balahibong nakapaligid dito. Walang anuman, gusto kong sabihin, pero baka nakatulog na siya ulit.

Hindi ko namalayang nakatulog ako noon. Nagising na lang akong nakaupo siya sa gilid ng papag, nakahubad ang pang itaas. Nakita ko ang likod niyang pinutakti ng bulutong, parang mga nakatanim na bomba sa kulay lupa niyang balat, at ano mang oras na makanti ay muling magpapasabog ng kati. Nag-utos ang isang agurang, o miyembro ng lupon ng mga nakakatandang preso, na magpakulo ng buto ng kulantro at

ipaligo sa lahat ng may bulutong.

“Clutario, paki buhusan naman 'yung likod ko.” Iyon ang huling beses na nakita ko ang likuran niyang iyon. Nagpa-tattoo kasi siya, 'yung malaking dragon, nung nagpeklat ang mga bulutong. Ngayon, hindi mo na makikita ang matandang dragon dahil mukha na itong pinagbalatan ng ahas.

Binasa ko ang likod niya ng manilaw-nilaw na tubig at dumaloy ito mula leeg pababa sa gulugod, pa kanyang puwit at binti. Sa pagtama nito sa sahig, nabasag ang mga patak ng tubig sa ilan pang piraso ng mga patak. Inabot niya sa'kin ang sabon. “Paki na rin, kung pwede.”

Mabuti't may alam ang mga agurang ng brigada noong araw. Pagkat iyon naman ang trabaho nila, ang magpayo. Gaya nga ng kasabihan, ang karunungan ay kasabay ng katandaan. Pero hindi sa lahat ng panahon. Gaya ngayon. Ako at si Peng ay miyembro na ng kagurangan at wala naman akong nakikitang karunungan sa sarili ko. O kay Peng. Wala silang matututunan sa amin.

Kasabay ng paglilinis ng higaan at sahig ay ang paglilinis ng kasilyas. Kailangang paputiin ang inidoro at kuskusin ang pagitan ng mga baldosa. Noong araw, sementado lang yang banyo na 'yan. Nagsimula 'yung kabilang brigada na ipabaldosa 'yung kanila. Tapos, naggayahan ang buong carcel.

Nahahati kasi sa dalawang bahagi ang compound ng Bilibid.  Presidio at carcel. Sabi nila, noong unang panahon daw, noong panahon ng mga Kastila at nasa Maynila pa ang Bilibid, sa presidio inilalagak ang mga presong nasintensiyahan na. Sa carcel, yung mga naghihintay pa lang ng sintensya. Mula Maynila, inilipat sa Muntinlupa ang Bilibid pero nandoon pa rin ang dibisyon. Ngayon, ang dibisyong ito ang nagsasabi

kung saang pangkat kaalyado ang isang bilanggo.Sa presidio, nandoon ang mga pangkat na kaalyado ng Sputnik gaya ng  Commando, Happy Go Lucky, at Bahala Na Gang. Dito sa carcel, kung nasaan ako at si Peng, narito karamihan ang kaalyado ng OXO. Nandito ang Genuine Ilocano Gang, Batang City Jail, Batang Cebu, at kung ano pa. Yung mga walang pangkat, yung mga cuerna, nakakalat sila sa kung saan saang brigada.

Bawat brigada at pangkat, mayroong bosyo. Mayor. Lider. Dito sa amin, si Mayor ang nakaisip gayahin ang pagpapabaldosa ng banyo. Pinag-ipunan iyon ng buong brigada. Patak-patak. Importante kay Mayor itong banyo dahil isa ito sa pinakamalaking proyekto niya. Bawat tao ay gustong mag-iwan ng marka nila sa mundo. Kumbaga, ito ang kanyang monumentong ambag sa sibilisasyon. Dito rin siya madalas gumagawa ng mga desisyon para sa brigada.

“Magaan ang pakiramdam ko dito, eh. Parang wala akong dalang bagahe, Nakakapag-isip ako ng matino,” naalala kong sabi dati ni Mayor.

Mahirap ang trabaho ng aming bosyo at hindi pwedeng kung kani-kanino lang ibinibigay ang posisyon. Dapat ay marunong makipagkapwa tao pero kayang dumisiplina ng miyembro. May lakas ng loob para magpataw ng takal o isang hampas ng dos por dos sa mga nagkasala at pasaway na kabrigada. Wala na rin dapat utak laya ang preso at tinanggap na niyang mabubulok siya dito.At siyempre, dapat kilala niya hanggang sa bawat patay na kuko ang mga miyembro para sa ganoong paraan, magamit sila at mapakinabangan. Sino ang pwedeng karpintero, tubero, sino ang pwedeng magluto, isali sa susunod na paliga. At siyempre, sino ang maglilinis ng kanyang trono.

Napansin kong nakangiti sa'kin si Cebreros. Kanina pa pala ako nakatulala sa kanya habang iniiskoba niya ang makutim na lumot sa pagitan ng mga baldosa. Nagkakabisa siya ng A-B-C.

“Agurang, kanina ka pa nakatitig, ah. Taeng tae ka na, no? O baka naman may session kayo ni Agurang Pengson Loverboy?” Nung makita niyang wala akong reaksyon, mas lumaki ang ngiti niya. “Joke lang, ha. Kung natatae ka, saglit na lang 'to?”

“Anak ka ng hindot. Hindi na tinitigasan 'yang si Peng.” Naisip ko, ito na ang tsansa para biyakin ko ang kanyang bungo.

Loko-loko talaga 'yang si Mayor. Ikinuwento na yata sa lahat ng natoka sa kasilyas ang istorya namin ni Peng. Nahuli kasi kami dati ni Mayor, noong hindi pa siya Mayor at natotoka pa sa kasilyas, ilang dekada na ang nakararaan, bago pa magkabit ng baldosa.

“Putang ina, mag-abiso naman kayo sa susunod. Magkakabit pa kayo diyan, para kayong mag-inang kangaroo. Umurong tae ko sa inyo, eh.”

“Wag ka nang puro daldal,” utos ni Peng, “magbantay ka na lang diyan.”

“Oo na, lover boy. Makautos ka, ah.” Yun ang naging bansag niya kay Peng. Lover boy. Ang Hari ng mga Puso.

Mula noon, sa tuwing kinakati si Peng , kahit wala na siyang bulutong, sa tuwing kumakalat ang init mula sa pusod niya sa buong katawan, si Mayor noong hindi pa siya mayor, ang opisyal naming bantay.

“Ayos na 'yan, agurang, pwede ka nang manalamin sa tiles.”

Lumabas na siya ng kubeta bitbit ang C for Cat, D for Dog, E for Elephant. Buo

ang bungo. Malinis nga ang kubeta. Nakakahinayang bahiran lang ng dugo.

****

“Anong meron? Wala yatang palikpik ang ulam?”

Nagtawag na para sa tanghalian. Ang ulam? Manok sa gisantes. Himala ng mga himala at naisip nilang mag manok.

“Siyempre, may lalaya sa brigada natin, eh. Ano Clutario, excited ka na?”

“Ah, oo.”

Sa mesa, bumabanat na naman si Liwanagan ng green joke na ibinato sa kanya ng kinakasama niya, 'yung bumisita sa kanya noong kamakalawa. Ano daw ang pinakamalakas na muscle sa katawan. Nagtawanan sila. Dila daw ang sagot. Hindi ko naintindihan. Sa kabilang banda, may ibinabalita si Mayor tungkol sa susunod na laban ng basketball. Hindi ako interesado. Nababahala ako kay Peng. Sa plato niya, nakaipon ang gisantes sa gilid at ang tumbong ng manok. Nung maubos niya ang kanin, inilagay niya ito sa platong may mga buto at mismis ng kanin. Uminom siya ng tubig at umalis sa mesa.

Mapili sa pagkain si Peng at isang milagrong nabuhay si Peng sa kulungan. Lalo pa't isa ang pagkain sa mga pinag-aawayan, lalo na noong kabataan ko. Halimbawa, 'yung mga Batang Cebu, ang gusto eh, isda at gulay. 'Yung mga taga Bicol, gusto maanghang. Kapag Iglesia, hindi kakain ng dinuguan. Yung mga Manila Boys, gusto, fried chicken.Tapos bigla silang mag-aaway-away kasi hindi sila nagkakaintindihan, akala nung mga taga-Maynila, sila 'yung pinag-uusapan nung mga nagbi-Bisaya.

Si Peng, hindi siya kumakain ng ng okra dahil baka daw tumubo 'yung buto sa tiyan niya. Pinagbawalan din siya ng doktor na kumain ng mga sitaw, munggo,

bitswelas, at eto nga, gisantes. Sa manok, hindi siya kumakain ng tumbong dahil napapanghihan siya dito. Na siya namang paborito ko. Madalas ay lahat ng ayaw niyang pagkain, inililipat niya sa plato ko.

“Kainin mo,” sasabihin niya sa'kin.

“Huwag,” kunwaring pigil ko sa kanya, “may ilaw pa.” Susundan ko iyon ng kindat.

“Tarantado,” ngumisi siya, “kainin mo yan.”

Isa 'yon sa mga birong kami lang ang nakakaalam. Iyon kasi ang mismong salitang binibitawan niya kapag nagsisiping kami at ang bibig ko ay dumako na sa pagitan ng kanyang mga hita. Kainin mo. Tapos ay uungol siya ng pigil na pigil, nakakuyom ang mga labi dahil ayaw niyang marinig ng mga kasama namin ang aming pagsisiping. Kahit na napaka imposible noon sa napakaliit na espasyong ito. Pero pilit niyang ititikom ang labi, kahit nanginginig na ito na halos gumagaya na sa tunog ng bentilador na walang langis.

Minsan naman, papatong siya sa'kin, ang dibdib niya sa'king dibdib, mukha sa aking mukha. At iyon lang ang tsansa niyang mahalikan ako. Ang ilong namin ay nagpapalitan ng hininga. Kinikiliti ang baba ko ng buhok sa buhay niyang nunal sa baba. Kami ay nasa isang duwelo ng mga espada. Ginagagap ng kamay ko ang likuran niya, ang kabuuan ng dragon sa kalagitnaan ng pagbuga ng apoy, ang kaliskis nito at mala-ahas na buntot. May mga panahong bumabaon ang kuko ko sa kanyang balat.

“Para ka namang pusa,” sasabihin niya sa pagitan ng kanyang malalalim na paghinga.

“Kaya nga kinakain ko ang mga tira-tira mo, di ba?” Saka ko gagayahin ang

pagngiyaw ng pusa.

Bumanat na naman si Liwanagan ng green joke mula sa kinakasama niya. Tungkol sa babaeng virgin na hindi isinali ng mga kaibigan niya sa paluwagan. Hindi ko na tinapos ang istorya. Hindi ko na lubos maisip kung paanong habang nagkakangkangan sila, bumibira ang kinakasama niya ng “Labs, may magjowa sa sinehan. Pini-finger nung lalaki 'yung babae. Sabi nung lalaki, 'Honey, naiwan ko 'yung college ring ko sa loob.' Kaya kinapa ni lalaki. Nung nakuha niya yung singsing, nagulat siya. 'Honey, bakit nagkulay green, acidic ka ba?' Ay, hindi. Baka sa dati kong boyfriend yan, Lasalista 'yun, eh.'”

Isang joke pa at lalaslasin ko na ang lalamunin niya ng tinidor. Itatarak ko ang tinidor gaya kung paano ko itinarak ang basag na bote ng alak sa leeg ng tatay ko. Ang sarili kong ama na ipinagahasa ang kapatid kong babae noong malaman niyang may karelasyon itong kapwa babae. Nang malaman niyang lesbiyana ang kapatid kong si Onor. Kung paanong naisip ng tatay ko, ang mahusay kong ama, ang lasenggo kong ama, ang ama kong parating sinasabihan ni Onor na 'Tay, baka ikamatay mo yang kaaalak. Kung paanong naisip niyang mababago niya si Onor kapag pinasukan ng titi ang puwerta nito. Ginahasa si Onor sa kamalig ng tatlong lalaking hindi niya nakilala dahil madilim, at hindi sanay ang mata ni Onor sa kadiliman.

“'Tay,, hindi ba tayo magsusumbong sa mga pulis?”

“Hayaan mo na, para naman maging babae yang kapatid mo, tignan mo, kapag nagkaanak yan. Lalambot yan.”

Kay Onor ako unang nagsabi na alanganin ako, na bakla ako, na may gusto ako sa kapwa ko lalaki. Si Onor na nagsabing pareho pala tayo at nagbalita sa'king may

nililigawan siyang kamag-aral niyang si Thelma. Si Onor, ang kapatid kong mas matapang sa'kin, ang may lakas ng loob na ipagsigawan kung ano siya. Ako, isa akong gagamba na kapag pinuwersang palabasin mula sa itlog nito, mamamatay ako, ni wala man lang tsansang maging kahit ano, hindi man lang manalo sa lotto.Mas nararamdaman ko ang kalayaan sa pagkakakulong. Gaya ngayon, sa pagkakakuIong, ligtas ako. Ito ang aking sanktwaryo.

Hinintay ko ang pagtulog ng tatay ko. Paano niya nagawa iyon kay Onor na may parehong hubog ng ilong niya, halos magkahawig na bibig? Hinampas ko siya ng bote ng alak sa ulo. Nung maalimpungatan siya, nataranta ako at kaya hinampas ko siya ulit ng mas malakas at nabasag ang puwit ng bote. Itinarak ko iyon sa leeg ng tatay ko. Sumirit ang dugo. Pero hindi sapat iyon kapalit ng dugong gumapang sa binti ni Leonor, ang tinanggal niyang pagkatao. Kaya winakwak ko ang lalamunan ng tatay ko. Isinumbong ako ni Onor sa pulis. Si Onor na noo'y naglilihi sa balimbing. Ang putang inang tibong sumbungerang si Onor. Natatakot na daw siya sa'kin. Ang traydor na si Onor. Parang hindi na daw niya ako kilala. Mali raw ang ginawa ko. Ang mapanghusgang si Onor. Hindi man lang niya ako binisita. Ang kapatid kong si Onor.

Mabuti pa si Liwanagan, binibisita siya ng kinakasama niya. Parati siyang pinapasalubungan ng isang bayong na libog at isang sakong green jokes. At kung papatayin ko siya ngayon, siguro babanat pa rin si babae ng mga green jokes sa lamay niya habang nagbubuka ng butong pakwan. Magtatanong siya sa kahit na sino, baka sa nanay ni Liwanagan, o sa pinsan nito, kung ano ang pinakamalamig na bahagi ng katawan ng lalaki. At sasagutin niya ito ng mga hita, dahil kung mainit ito, malamang ay naluto na ang mga itlog.  Malamang, sasabihin niya ito habang iniiyakan ang bangkay ni

Liwanagang butas-butas ang leeg. At ayokong makita iyon.

Nagligpit na ko ng pinagkainan. Kasama ng mga mismis ng kanin, nandoon pa rin ang tumbong ng manok.

*****

Patay na ang ilaw pero wala pa rin akong napapatay. Naghihilik na si Trampe at gusto kong ipasak ang kamao ko sa bibig niya. Pero wala na akong gana. Tinatamad ako.

Katabi ko si Peng. Alam kong gising siya at nakatitig sa papag na nasa ibabaw ng aming higaan, ang bawat dugtungan at pinagpakuan ng mga kahoy, na kaya niyang aninagin sa dilim. Dahil tulad ko, nasanay na ang mata niya sa kadiliman.

“Peng,” bulong ko. Hindi agad siya sumagot. Ang naririnig ko lang ay ang kanyang paghinga. “Pa'no, lalabas na ko bukas.”

“Oo nga, eh. Lalaya ka na.”

“Hindi,”mabilis kong sagot,” Lalabas lang ako. Panibagong mga lugar. Panibagong mga mukha. Pero matagal na kong lumaya.”

Hinawakan niya ang kamay ko. Ang kulubot at mabuto niyang kamay. “'Yan naman kasing presidente na 'yan. Binigyan ka ng clemency, wala namang pansit. SA'n mo kaya gagamitin 'yun, di ba?”

“E di gagawa ako ng clemency juice. Para sa'yo. Masyado ka kasing nagmamaasim.”

Pinatigil niya akong magsalita, nakatapat ang hintuturo niya sa bibig ko. Tapos ay hinalikan niya ako. Sa pisngi. Sa leeg. Sa labi.

Pumatong siya sa'kin. Sa huling pagkakataon. Pumaibabaw ang Hari ng mga

Puso sa Reyna ng Espada. Solitaryo. Iisa.

Lalabas na ako bukas. At matatandaan ko ang gabing ito, ang napakatahimik na gabing binasag ng bentilador na kulang ang langis. Isa sa mga gabing nakakulong ako,